# Drug surrenderees, bibigyan ng pagkakakitaan – Joy B

Makikipag-ugnayan si Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte sa charity organization na Hair Aid Australia para sanayin ang mga drug surrenderees sa lungsod na nagsipagtapos na sa rehabilitation program na magkaroon ng kaalaman sa hairdressing at haircutting training para kanilang mapagkakitaan.

"I met with Hair Aid Australia and sila mismo ang nagsabing gusto nila 'yung beneficiary nila will be the surrenderers, the reformists, to help them make sure that their new, clean lifestyle is sustainable," sabi ni Belmonte.

Ang Hair Aid ay itinatag sa Australia ni CEO Selina Tomasich na nagbibigay ng mga pagsasanay at magtuturo ang mga professional hair stylists nila sa mga napiling benepisyaryo.

Ang Hair Aid ay nagkaroon ng matagumpay na 15 programa sa Pilipinas, ani Belmonte mula 2017 ay magkatulong na ang QC government at Hair Aid Australia para sa pagpapatupad ng iba't ibang programa.

Bukod sa haircutting at styling, ang mga Hair Aid volunteers ay magkakaroon din ng mga pagsasanay sa tool sharpening at manicure-pedicure.

Ngayon, ang mga graduates ng QC Anti-Drug Abuse Advisory Council (QCADAAC) community-based rehabilitation and treatment program ang latest beneficiary ng programa ng Hair Aid at ito ay sagot ng lokal na pamahalaan. *(Angie dela Cruz)*

PRINTED AND DISTRIBUTED BY PRESSREADER